

IMPORMASYON PARA SA MGA PAMILYANG NAWALAN NG MAHAL SA BUHAY DAHIL SA PAGKASUNOG NG GRENFELL TOWER

Sa mahigit 35 taon, nagbigay ang INQUEST ng libre at kumpidensyal na payo tungkol sa mga kontrobersyal na pagkamatay at ang pag-iimbestiga sa mga ito sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay, mga community group, abugado at ang boluntaryong sektor. Hindi kami umaasa sa Pamahalaan. Nangangahulugan ito na kami ay katangitanging inilaan upang magbigay ng payo tungkol sa iba't ibang imbestigasyong kasalukuyang nagaganap tungkol sa sunog sa Grenfell Tower.

Magsusumikap kaming subukan at tiyakin na ang ginagawang mga legal na proseso sa kasalukuyan ay naghahatid ng katotohanan, hustisya at pananagutin ang mga responsable.

Layunin ng leaflet na ito na magbigay ng mga sagot sa ilang biglaang mga tanong na naririnig naming tinatanong ng mga pamilya. Ipinapayo rin namin sa iyo na **humingi ng payo mula sa mga espesyalistang abugado sa lalong madaling panahon** upang protektahan ang iyong mga karapatan. Matutulungan ka naming maghanap ng tamang abugado, mula sa aming INQUEST Lawyers Group. Para rito at sa iba pang payo, maaari mo kaming kontakin sa INQUEST:

Telepono: 020 7263 1111

Email: inquest@inquest.org.uk

Web: www.inquest.org.uk

Mangyaring tandaan na mayroon kaming pinapaganang serbisyo ng answering machine upang sagutin ang mga tanong kung abala kami sa iba pang mga tawag; tatawagan ka naming muli kung mag-iwan ka ng mensahe.

Makikita rin sa aming INQUEST handbook ang higit pang detalyadong impormasyon. Ilagay ang sumusunod na web address sa iyong internet browser: bit.ly/InquestHandbook

Magkakaroon ba ng kriminal na imbestigasyon?

Nagbukas ang Metropolitan Police ng isang kriminal na imbestigasyon sa mga pangyayari sa sakuna. Maaaring abutin nang ilang buwan ang pag-iimbestiga ng pulis bago matapos. Pagkatapos nito, ipapasa ito sa Crown Prosecution Service upang magdesisyon kung gumawa ng anumang kriminal na paglabag ang sinumang indibiduwal o organisasyon mula sa sakuna.

Titingnan ba ng pulis ang mga paratang ng pagpatay?

Kabilang sa mga paglabag na isinasaalang-alang ang gross negligence manslaughter (hindi boluntaryong pagpatay) o corporate manslaughter (pagkakasala ng kumpanya na magreresulta sa pagkamatay ng isang tao). Kung ituturing ng pulis/CPS na mayroong sapat na ebidensiya, susunod ang isang paglilitis sa karaniwang paraan. Kung hindi nila ituturing na mayroong sapat na ebidensiya, magkakaroon ng karapatan ang mga biktima sa isang pagsusuri ng desisyong iyon.

Magkakaroon ba ng pampublikong pagtatanong tungkol sa insidente?

Nag-anunsyo ang Pamahalaan ng isang kumpletong pampublikong pagtatanong. Magiging nararapat ang mga biktima at mga nakaligtas sa pagpopondo para katawanin ng abugado upang pahintulutan silang gumanap nang buong tungkulin gaya ng ninanais nila. Bibigyan sila ng pagkakataong buuin ang mga layunin ng pagtatanong.

Didinig ng pagtatanong ang ebidensiya sa ilalim ng panunumpa at magagawang tanungin ng mga kalahok ang ebidensiyang ito. Makakagawa ito ng mga pansamantalang mga resulta, na bukod sa iba pang mga bagay, ay ang pinakamabilis na paraan ng pagprotekta sa mga residente sa iba pang mga lugar na may katulad na mga problema sa konstruksyon.

Ang mga nagnanais na magkaroon ng tungkulin ay maaaring mag-apply na maging “mga pangunahing kalahok”. Kabilang dito ang mga taong gumanap, o

maaaring gumanap ng isang “direkta at malaking tungkulin” sa tinatalakay na paksa at sa mga mayroong “malaking interes”.

Ang mga pangunahing kalahok ay maaaring mag-apply upang magtanong sa sinumang saksi sa pagtatanong; gumawa ng pambungad at pangwakas na pahayag sa panel ng pagtatanong, at tumanggap ng kopya ng ulat ng Pagtatanong.

Magiging malaya ba ang pagtatanong?

Umaasa kami na sa matibay na pagkatawan ng abugado para sa mga naapektuhan, matutugunan ng pagtatanong ang mga alalahanin ng mga biktima at mga nakaligtas pagdating sa pagiging malaya at makakagawa ng mahahalagang resulta.

Mas maaga kang maghahanap ng kakatawang abugado, mas malamang na maririnig ka.

Para makita ang aming buong pahayag sa pagtanggap ng pagtatanong tungkol sa insidente, ilagay ang sumusunod na web address sa iyong internet browser: bit.ly/GrenfellInquiry

Ano ang isang pagsisiyasat?

Ang isang pagsisiyasat ay pag-iimbestiga para malaman ang katotohanan upang maitatag kung sino ang tao at kung saan, kailan at paano siya namatay. Ito ay isang legal na pamamaraan na pinangangasiwaan ng isang coroner, minsan ay isang hurado.

Sa kasong ito, ang Coroner ay ang HM Senior Coroner na si Dr Fiona Wilcox ng Hukuman ng Inner West London Coroner. Dapat ding isaalang-alang ng Coroner kung maiiwasan ang mga pagkamatay sa hinaharap sa katulad na mga pangyayari at gagawa ng mga mairerekomendang pagbabago. Gaganapin ang mga pagdinig sa open court (hukuman na tumatanggap ng publiko) at maaaring katawanin ang mga pamilya.

Ano ang mangyayari sa isang pagsisiyasat?

Sa lalong madaling panahong makuha at makikilala ang isang katawan, magbubukas ang Coroner ng isang pagsisiyasat. Karaniwan kinabibilangan ito ng isang maikling pagdinig kung saan ang pangalan, edad at napakaikling mga detalye ng namatay at isang paunang sanhi ng pagkamatay ay babasahin sa open court.

Maaaring maraming nakabukas na mga pagsisiyasat sa parehong pagkakataon. Ititigil ng Coroner ang pagsisiyasat para isagawa ang kriminal na imbestigasyon at pampublikong pagtatanong, dahil dapat munang mangyari ang mga ito.

Kapag natapos na ang kriminal na imbestigasyon at pagtatanong, magpapasiya ang Coroner kung kinakailangan ang mga pagsisiyasat at kung dapat ipagpatuloy.

Paano ko iulat ang isang nawawalang tao?

Ang mga pagtatanong tungkol sa mga nawawalang kamag-anak ay dapat ipasa sa **Kawanihan ng Metropolitan Police para sa namatay** nang personal sa Westway Sports Centre in West London, o sa pamamagitan ng pagtawag sa kawanihan para sa namatay sa **0800 0961 233**.

Kung nag-ulat ka ng isang nawawalang tao at nagkita na kayo, dapat mo itong sabihin sa kawanihan para sa namatay.

Sasabihin sa coroner ang lahat ng namatay mula sa Grenfell Tower. Kapag nagawa na ang pagkilala, kokontakin ng mga pampamilyang liaison na opisyal ang malapit na kamag-anak. Kung hindi ka kinontak pagkatapos ng pag-uulat ng isang nawawalang tao, ito ay maaaring dahil sa kahirapang makuha at makilala ang mga namatay. Nauunawaan namin na labis na nakakasakit sa mga pamilya ang bawat dumadaan na araw. Nakikipag-ugnayan ang INQUEST sa Hukuman ng Coroner at kawanihan para sa namatay at matutulungan ka rito.

Sino ang may responsibilidad para sa katawan ng aking kamag-anak? Habang iba't ibang eksaminasyon ang isinasagawa, mayroong kontrol ang Coroner sa katawan, at hindi ito maaaring ilabas para ilibing nang walang pahintulot niya.

Ang mga pagtatanong tungkol sa paglalabas ng katawan at tungkol sa autopsiya ay maaaring ilagay sa **Opisina ng Coroner**. Ang numero ay **020 7802 4750**, ngunit sa kasalukuyan, ang mga tanong ay dapat idirekta sa kawanihan para sa namatay na binanggit sa itaas.

Maaari kong bang itigil ang nagaganap na autopsiya?

Karaniwang isinasagawa ang mga autopsiya nang napakabilis. Dapat mong sabihin kaagad sa coroner kung tutol ka sa isinasagawang pag-aautopsiya para gumawa ng ibang mga alternatibo. Kung magpapasiya ang coroner na hindi kinakailangan ang autopsiya, maaaring niyang ilabas ang katawan nang wala nito.

Maaari ko bang makita ang katawan?

Sa karaniwan, oo at gagawa ng mga pagsasaayos sa opisina ng coroner. Sa ilang pangyayari, halimbawa kung mayroong malubhang mga pinsala na nagdulot ng pagkasira sa bahagi ng katawan, maaaring imungkahi ng coroner na huwag tingnan ng pamilya ang katawan o na dapat limitahan ang paraan ng pagtingin mo sa katawan (halimbawa, mula sa likuran ng isang salamin na panel). Nasa sa iyo kung susundin mo ang payo na ito. Kailangan mong humingi ng payo mula sa abugado kung sa pakiramdam mo ay pinipigilan kang maktia ang katawan ng iyong kamag-anak.

Sino ang dapat kumilala sa katawan?

Maaaring kilalanin ng isang kapamilya o malapit na kaibigan ang katawan sa pamamagitan ng pagtingin dito ngunit kung hindi ito maaari, gagamit ng mga alternatibong paraan tulad ng pagkuha ng fingerprint o pagsusuri ng mga rekord ng ngipin o mga sample ng DNA. **Makikilala ba ng coroner ang iba't ibang pangkultura at panrelihiyong mga paniniwala at kasanayan kaugnay sa pagkamatay?** Mahalagang sabihan ang coroner tungkol sa iyong mga paniniwala at kasanayan para malaman nila ang iyong mga pangangailangan nang naaayon sa batas.

Kailan ako makakagawa ng mga pag-aayos para sa paglilibing?

Hindi maaaring isagawa ang paglilibing hanggang sa pumayag ang coroner na ilabas ang katawan, ngunit maaaring makatulong na kontakin nang maaga ang direktor sa paglilibing na pipiliin mo na maaaring magbigay sa iyo ng praktikal na tulong tungkol sa paggawa ng mga pagsasaayos. Dapat mong itabi ang lahat ng resibo sakaling maaaring makuha muli ang mga gastos.

Makikita mo rito ang higit pang impormasyon tungkol sa mga pagsasaayos sa paglilibing: <https://www.gov.uk/after-a-death/arrange-the-funeral>

Kailangan ko ba ng death certificate?

Ang death certificate ay isang legal na dokumento na ipinapadala sa Registrar ng mga pagsilang at pagkamatay, upang itala ang mga detalye ng isang taong namatay at ang sanhi ng pagkamatay. Magbibigay ang coroner ng isang pansamantalang certificate kapag nakilala at inilabas ang katawan para ilibing. Maaaring kailanganin mo ito para sa mga administratibong pamamaraan na kasunod ng isang pagkamatay tulad ng pagsasara ng mga account sa bangko, pagpapaalam sa mga ahensiya ng benepisyo, pagkuha ng pagpapatunay para sa habilin.

Paano naman ang tungkol sa mga agarang pangangailangan ng aking pamilya pagdating sa pabahay at iba pang suporta?

Alam naming maraming organisasyon ang masigasig na tumulong. Ang North Kensington Law Centre ay sinusubukang ayusin ang mga paghahandog ng tulong na ito at upang tiyaking makukuha mo ang payo na kailangan mo tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pabahay, sitwasyon sa imigrasyon, mga benepisyo para sa kapakanan o tungkol sa mga agarang pinansyal na pangangailangan ng iyong pamilya. **Makipag-ugnayan sa North Kensington Law Centre:** Unit 15, Baseline Studios, Whitchurch Rd, London W11 4AT. Tumawag sa 020 8969 7473 o tingnan ang www.nklc.co.uk

Ano ang susunod na mangyayari?

Medyo magtatagal ang pampublikong pagtatanong at ang mga kasalukuyang isinasagawang kriminal na imbestigasyon. Maaaring nakakapanghina at nakakabigo ang mga prosesong ito ngunit narito kami upang magbigay ng tulong at payo.

PARA SA PAYO NG EKSPERTO AT TULONG SA
PAGHAHANAP NG KAKATAWAN NA ABUGADO,
KONTAKIN KAMI SA INQUEST:
TELOPONO 020 7263 111
